

Modified Checklist for Autism in Toddlers: Filipino Translation

Pakisagot ang bawat isa sa sumusunod na mga tanong tungkol sa inyong anak sa pangkaraniwang araw. Kung ang pag-uugali ay bihira o minsan lamang, pakisagutan na hindi niya ito ginagawa.

1. Natutuwa ba ang inyong anak kung siya ay nakakandong at niyuyugyog o umuugoy-ugoy sa inyong tuhod? Oo Hindi
2. Nagpapakita ba ang inyong anak na interesado siya sa ibang bata? Oo Hindi
3. Mahilig bang umakyat ang inyong anak sa mga bagay-bagay, tulad ng mga hagdan? Oo Hindi
4. Natutuwa ba ang inyong anak na makipagbulagaan o magtago-taguan? Oo Hindi
5. Ang inyo bang anak ay nakapaglaro na nang pakunwari, halimbawa, kunwaring nakikipag-pagusap sa telepono, nagaalaga ng manika o ng iba pang laruan? Oo Hindi
6. Ang inyo bang anak ay naituturo iyong bagay na gusto niyang hingin sa inyo? Oo Hindi
7. Ginagamit ba ng inyong anak ang kanyang daliring hintuturo para ituro at ipakita sa inyo ang bagay na interesado siya? Oo Hindi
8. Pinaglalaruan ba nang tama ng inyong anak ang maliliit na laruan (tulad ng kotse at bloke) na hindi lamang isinusubo, hinahawakan o binibitiwan ang mga ito? Oo Hindi
9. Ang inyo bang anak ay nagdadala sa inyo ng mga bagay para ipakita sa inyo? Oo Hindi
10. Ang inyo bang anak ay tumitingin nang direktso sa inyong mata nang mahigit sa isa o dalawang segundo? Oo Hindi
11. Mukha bang masyadong maselan sa ingay ang inyong anak? (nagtatakip ng tainga sa ingay) Oo Hindi
12. Ngumingiti ba sa inyo and inyong anak kapag siya ay inyong nginingitian o pinagmamasdan? Oo Hindi
13. Ginagaya ba kayo ng inyong anak? (halimbawa; gumagaya sa kilos ng inyong mukha)? Oo Hindi
14. Tumitingin o sumasagot ba ang inyong anak kapag siya ay tinatawag niyo nang kanyang pangalan? Oo Hindi
15. Kapag may itinuro kang laruan sa may kalayuan ng kuwarto, titingnan ba ito ng inyong anak? Oo Hindi
16. Naglalakad ba nang mag-isa ang inyong anak? Oo Hindi
17. Tinitingnan rin ba ng inyong anak ang mga bagay na inyong tinitingnan? Oo Hindi
18. Ang inyo bang anak ay mayroong kakaibang galaw ng daliri o kamay na nilalapit sa kanyang mukha? Oo Hindi
19. Ang inyong anak ba ay tumatatawag ng pansin sa sarili niyang gawain? Oo Hindi
20. Nag-alala na ba kayo na baka bingi ang inyong anak? Oo Hindi
21. Naiintindihan ba nang inyong anak ang mga sinasabi ng iba? Oo Hindi
22. Minsan ba ay nakatulala lamang o gumagala nang walang dahilan ang inyong anak? Oo Hindi
23. Pinagmamasdan ba nang inyong anak ang inyong mukha para malaman ang inyong reaksiyon sa kakaibang bagay o situwasyon? Oo Hindi